GOVERNOR
GAVIN NEWSOM

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan

## May Karapatan Kang Mag-obserba, Mag-record, at Magdokumento. Manatiling Kalmado.

- Magagawa mong legal namag-obserba, mag-record, at magdokumento ng mga pag-aresto kaugnay sa imigrasyon na nangyayari sa mga pampublikong lugar.
- Makakatulong ang **pananatiling kalmado** na maprotektahan ang kaligtasan mo at ng taong hinuli. Maaaring lumala ang sitwasyon at malagay sa panganib ang lahat kapag berbal na inatake o nilapitan ang mga pederal na ahente. Maaaring sampahan ng pederal na pamahalaan ng kasong kriminal ang sinumang **makikialam o hahadlang** sa isang pederal na opisyal.
- Kahit na naniniwala kang labag sa batas ang pag-aresto, hindi ka dapat lumaban o pisikal Ipahayag ang iyong mga karapatan nang kalmado.

## Ano Ang Gagawin kung May Masasaksihan kang Pag-aresto kaugnay sa Imigrasyon:

| Ang PUWEDE Mong Gawin: | Ang HINDI Mo Puwedeng Gawin: |
|---|---|
| ✅ Mag-record mula sa ligtas na distansya. | ❌ Huwag magtanong tungkol sa katayuan sa imigrasyon, bansang pinagmulan, o mga personal na detalye tulad ng address o employer. |
| ✅ Itanong ang pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng hinuling indibidwal, kung ligtas. | ❌ Huwag lapitan o komprontahin ang mga ahente. Maaari iyong ituring bilang pakikialam. |
| ✅ Itanong kung kailangan niya ng tulong sa pag-aaring naiwan sa pinangyarihang lugar. | ❌ Huwag subukang hadlangan ang pag-aresto. |
| ✅ Pagkatapos ng pag-aresto, makipag-ugnayan sa iyong lokal na rapid response network para iulat ang insidente at ibahagi ang anumang dokumentasyon. | |

## Paano Makilala ang Mga Ahente ng Pederal na Imigrasyon:

- ➔ Maaaring magsuot ang mga ahente ng tactical gear, simpleng damit, o damit na tumutukoy sa kanila bilang bahagi ng ICE, ERO, Border Patrol, o iba pang pederal na ahensya.
- ➔ Maaari nilang tawaging "pulis" ang sarili nila pero kumikilos sila sa ilalim ng pederal na awtoridad.

---

## Mga Madalas Itanong:

### Tuloy-tuloy na Ia-update

### Ano ang mga karapatan ko bilang saksi o tagamasid sa mga pag-aresto sa imigrasyon?

- ➔ Maaari kang **mag-obserba, mag-record, o magdokumento** ng pag-aresto sa publiko.
- ➔ Maaaring maging nakaka-stress at emosyonal ang mga insidenteng ito, pero mahalaga ang **pananatili at pagtataguyod ng pagiging kalmado** para sa kaligtasan mo at ng taong hinuli.
- ➔ Kapag pinagalitan at nilapitan mo ang mga pederal na ahente, puwedeng malagay **ka at ang taong sa panganib.**
- ➔ Naninindigan ang pederal na pamahalaan sa pagsampa ng mga pederal na **kasong kriminal** laban sa mga indibidwal na maaaring makialam o humadlang sa mga opisyal ng pederal na pagpapatupad ng batas.
- ➔ Kahit na naniniwala kang nilalabag ang iyong mga karapatan, huwag makipagtalo, lumaban, o humadlang sa opisyal. **Maipapahayag mo ang iyong mga karapatan** sa kalmado at malinaw na paraan.
- ➔ **Hindi kailanman sagot ang karahasan**, at krimen ang pag-atake sa isang pederal na ahente o paghadlang sa isang pag-aresto.
- ➔ Kung naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan, maaari kang makipag-ugnayan sa kuwalipikadong legal na tagapayo at mga organisasyon tulad ng ***ACLU***.

### Ano ang magagawa ko kung may makikita akong pag-aresto kaugnay sa imigrasyon?

- ➔ Maaari mong i-record nang kalmado ang pag-aresto mula sa ligtas na distansya at itanong ang pangalan ng hinuli at isang numero ng teleponong matatawagan.
- ➔ Maaari mong itanong sa hinuling indibidwal kung **kailangan niya ng tulong** sa pag-asikaso ng personal na pag-aaring naiwan sa lugar ng pag-aresto.
- ➔ Tandaan, **manatili sa ligtas na distansya**. Maaaring hindi respetuhin ng mga pederal na ahente ang iyong karapatang mag-record at maaari nilang iparatang na nakikialam ka. Sa ligtas na distansya, mananatili kang ligtas at maidodokumento mo ang pag-aresto.
- ➔ Pagkatapos ng pag-aresto, magagawa mong makipag-ugnayan sa isang lokal na rapid response network at magbahagi ng impormasyon, mga larawan, at video

tungkol dito. (magdagdag ng link)

- **HUWAG** itanong ang bansa ng kapanganakan, kaarawan, katayuan sa imigrasyon, o kasaysayan ng imigrasyon.
- **HUWAG** itanong ang address ng bahay o lugar ng trabaho.

## Paano ko malalaman kung mga pederal na ahente ang nang-aaresto sa akin o sa mga mahal ko sa buhay?

- Kadalasang nagsusuot ang mga pederal na ahente ng iba't ibang damit at gear na maaaring magpahiwatig kung saang ahensya sila kabilang. Kung minsan, nakasuot sila ng simpleng damit o tactical gear. Maaari rin nilang sabihing pulis sila.
- May legal na awtoridad ang mga pederal na ahente na mang-aresto ng mga taong pinaghihinalaan nilang ilegal na nasa bansa. Kahit na naniniwala kang nilalabag ang iyong mga karapatan, **huwag makipagtalo, lumaban, o humadlang sa opisyal**. Hindi mo sila puwedeng hadlangan kahit na tumututol o Maaari mong ipahayag ang iyong **mga karapatan**.

  Kapag nakialam ka, maaaring madagdagan ang mga negatibong kahihinatnan sa iyo at sa taong hinuli dahil sa imigrasyon.
  - Tingnan: ***Impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan habang inaaresto***
  - Manatiling Kalmado. Huwag tumakbo, lumaban, o humadlang. Maaari iyong magkaroon ng negatibong kahihinatnan para sa iyo.
- Kung naniniwala kang dinukot ang isang tao at hindi inaresto ng mga pederal na ahente, **dapat kang tumawag sa lokal na pulis.**

## Hindi ba kailangan ng mga ahente ng imigrasyon ng warrant para arestuhin ang isang tao?

- Hindi kailangan ng mga ahente ng imigrasyon **ng warrant** na nilagdaan ng isang hukom para arestuhin ang isang indibidwal dahil sa mga paglabag sa imigrasyon. Gayunpaman, may pamantayan na dapat nilang matugunan para mang-aresto ng mga tao nang walang warrant, at maaari silang panagutin ng isang hukom dahil sa paglabag ng batas kapag nang-aaresto. **Hindi ka maaaring makialam** bilang tagamasid kung naniniwala kang ilegal na pag-aresto ito.
  - **Huwag** subukang hadlangan ang mga pederal na ahente.
  - Sa halip, manatili sa ligtas na distansya at idokumento ang pangyayari, na maaaring makatulong sa kaso ng taong hinuli at mapanagutan ang mga ahente sa ilalim ng batas.
  - VIDEO: ***Mahalagang Kuhanan ang Pag-aresto ng ICE sa Tamang Paraan***
- **Kailangan ng mga ahente ng imigrasyon ng warrant na nilagdaan ng isang hukom para makapasok sa mga hindi pampublikong lugar sa pribadong ari-arian o para makuha ang mga dokumentong nakaimbak sa mga hindi pampublikong lugar.Hindi ka maaaring makialam** bilang tagamasid kung naniniwala kang ilegal na pag-aresto o paghahanap ito.
  - Maaaring subukang pumasok ng mga ahente ng imigrasyon sa isang hindi pampublikong lugar sa isang negosyo kahit walang warrant na nilagdaan ng isang hukom.
  - Kung pagmamay-ari o kinokontrol mo ang lugar, maaari mong sabihing

hindi ito pampublikong lugar at hindi mo pinapahintulutan ang pagpasok nila.

  - **Huwag subukang harangan o hadlangan ang mga ahente ng imigrasyon.** Maaaring malagay sa panganib ang kaligtasan mo.
  - Sa halip, **idokumento ang pangyayari** mula sa ligtas na distansya.

## Nakikipagtulungan ba ang mga bounty hunter sa pederal na pamahalaan para mang-aresto?

- Inihayag ng DHS sa publiko na **hindi** nangongontrata ang pederal na pamahalaan ng mga bounty hunter para sa pagpapatupad sa imigrasyon.
- Nakikipagtulungan ang ICE sa ilan pang ahensya ng pederal na pamahalaan para mang-aresto kaugnay sa imigrasyon, kabilang ang Border Patrol, ang Administrasyon ng Drug Enforcement, ang FBI, at marami pa. Kung minsan, maaari ring magdala ang ICE ng mga ahente mula sa ibang estado.
- Sa California, kilala ang mga bounty hunter bilang mga bail fugitive recovery agent. Kailangang sinanay, lisensyado, at may insurance sila. Kinukuha sila ng mga bail bond na kumpanya para maghanap at mandakip ng mga akusadong hindi sumipot sa kriminal na hukom.

## Ano ang gagawin ko kung huhulihin ako ng mga ahente ng imigrasyon?

- **Huwag Magsinungaling o Magbigay ng Mga Pekeng Dokumento.**
- May karapatan kang sabihing **gusto mong manahimik at kumuha ng abugado** kaagad. Huwag magpaliwanag o magdahilan.
- May karapatan kang makipag-usap sa isang abugado bago magsalita o lumagda ng kahit ano.
  - Kung huhulihin ka ng ICE, may karapatan kang kumonsulta sa isang abugado, pero hindi obligado ang pamahalaan na magbayad ng abugado para sa iyo. Puwede kang humingi ng listahan ng mga libre o murang alternatibo.
- Kung hinuli ka ng ICE, may karapatan kang makipag-ugnayan sa iyong konsulado o hilingin sa isang opisyal na ipaalam sa konsulado ang tungkol sa pagkahuli mo, na maaaring may mga serbisyong proteksyon para

## Paano ko matutulungan ang mga taga-California na naapektuhan ng mga pag-aresto kaugnay sa imigrasyon?

- Maaari kang sumuporta sa **mga lokal na organisasyong** nagbibigay ng mga legal na serbisyo sa imigrasyon sa mga nahuling indibidwal, pati na rin sa mga organisasyong **sumusuporta sa mga pamilyang apektado ng mga paghuli at pagpapatapon.**
  - Bisitahin ang: ***www.immigrationlawhelp.org/***

## Manatiling Handa.

- ➔ Ihanda ang sarili at pamilya mo kung sakaling maaaresto ka. Kabisaduhin ang mga numero ng telepono ng iyong pamilya at abugado. Gumawa ng mga pang-emergency na plano kung may mga anak ka o kung naggagamot ka.
- ➔ Magbigay ng kopya ng iyong mga dokumento sa imigrasyon sa isang taong pinagkakatiwalaan mo.
- ➔ Kung mayroon ka nito, tandaan ang iyong numero sa imigrasyon ("A" number) at ibigay ito sa iyong pamilya. Ibinibigay ng mga opisyal sa imigrasyon ang A number sa mga hindi mamamayang imigrante. Makakatulong ito sa mga kapamilyang ***mahanap ka.***
- ➔ Kumonsulta sa isang abugado sa imigrasyon at magpalagda ng **G-28 form** kung nangangamba kang maaresto.

## Para sa impormasyon tungkol sa mga pag-aresto kaugnay sa imigrasyon sa isang lugar ng trabaho, may higit pang impormasyon dito:

- ➔ ***Pinagsamang Gabay para sa Mga Employer mula sa California Labor Commissioner and California Attorney General***
- ➔ ***Impormasyon para sa Maliliit na Negosyo***, Tingnan ang Webinar noong Hunyo: Pagsunod sa Imigrasyon para sa Maliliit na Negosyo.